

2018 Bagong Taong Sulat ni Obispo Otsuka

Ekolohikal na Pagbabagong-loob Isang Panawagan mula sa Ensikliko na "Laudato Si" (Purihin Ka) ni Papa Fransisko

Obispo Paul Otsuka Yoshinao,
Obispo ng Katolikong Diyosesis ng Kyoto, Japan

Panimula:

Sa Bagong Taong Sulat sa taong ito, nais kong ipakilala sa inyo ang Ensikliko na "Laudato Si" (Purihin Ka) ng Kanyang Kabanalang (Holiness) Papa Fransisko, na tumatalakay sa temang Ekolohikal na Pagbabagong-loob (Ecological Conversion). Si San Fransisko ay Patron ng lahat ng tao na hinarap ang suliranin ng ekolohiya, at siya ang mistiko na nabuhay nang may ugnayan sa Diyos, sa ibang tao, sa kalikasan, at sa kanyang sarili; isa siyang huwaran (modelo) ng ekolohikal na pagbabago. Ang pamagat ng Ensikliko, "Laudato Si" (Purihin Ka), na napakatandang salitang Italyano na katumbas ng mga salitang "Purihin ka Nawa," ang kanyang dasal, "Himig sa Araw." Ang kaluluwa ng santong ito ay puno ng papuri sa Manlilikha, at pagmamalasakit (concern) sa kalikasan, at ang Espiritu ng kanyang Banal na Karukhaan ay siyang naging saksi sa malalimang ugnayan sa pagitan ng katarungan para sa mga mahihirap at ng kapayapaan ng kalooban ng bawat nilalang. Sa harap ng Diyos, ang isang nilalang ay hindi lamang may malasakit sa relasyon sa Diyos at tao, kundi may malasakit din sa kalikasan.

Ang unang tumawag ng pansin sa pangangailangan ng Ekolohikal na Pagbabagong-loob ay si Papa Juan Pablo II, nguni't si Papa Fransisko, sa kanyang Ensikliko na "Laudato Si" (Purihin Ka) ang nagbukas ng paksa sa apat na kakaibang uri ng pagbabalik-loob: 1) Pagbabago sa mata ng Diyos; 2) Pagbabago na pagmamalasakit sa kapwa tao; 3) Pagbabago nang may malasakit sa kalikasan; 4) Pagbabago na may malasakit sa sarili. Ang Papa na dala ang pangalan ni San Fransisko ay nananawagan sa mga tao na maging maingat na bigyang pansin (attentive) ang mapanganib na krisis sa pagkasira ng kalikasan, at nakikiusap siya sa lahat na magkaroon ng malasakit na alamin ang suliranin ng pagkasira ng daigdig, na siyang tahanan ng lahat ng tao, at manindigan na ayusin ang suliraning ito sa pamamagitan ng konkretong hakbang.

1. Ang Simula ng "Laudato Si"

Ang salitang "ekolohiya" o ang maikling salita nitong "eco" ay naging karaniwan na sa halos lahat ng nakakaunawa kung ano ang kahulugan nito, na hindi na kailangan ng paliwanag. Banggitin lamang ang "eco" at ang mga tao ay makakaunawa na ito ay may kinalaman sa pag-aaral ng buhay ng tao at ang likas na kapaligiran, o ang mga pagkilos upang maisayos sila. Ang pag-aaral o kilusan na ito ay sumasakop sa "pagiging banayad (gentle) sa kalikasan," "pagaanin ang paghihirap ng kapaligiran," "malasakit sa kalikasan," "maayos," at "likas." Ipinapahayag ng "Laudato Si" ang ekolohiya ayon sa isang malawak na pananaw sa pagtingin sa tao bilang kasapi ng isang balangkas ng ekolohiya, na bahagi (aspect) ang kapwa magkaugnay (mutual relationship) na sangkatauhan at kalikasan, kasama na rin ang paggamit muli ng mga bagay (material recycling), at ang kalagayan ng mamamayan sa lipunan.

Ang batayan ng isip ni Papa Fransisko ay ang pananaw na "ang iba't-ibang bagay ay magkakaugnay" (mutually related). Sa mga Kristiyano, walang bagay sa daigdig na ito ang hindi natin binabalewala. Ang suliraning pang-ekolohiya ay tungkol sa lahat ng nasa daigdig. Hinihikayat niya ang lahat ng tao na kasama sa larangang (field) ito, na nagsusumikap na maisayos ang suliranin, tulad ng mga pilosopo, mga siyentipiko, mga lider ng mga kilusang pang-ekolohiya, at iba pang mga gawaing pagrelihiyon, na magkaroon ng dayalogo (dialogue).

2. Buong Ekolohiya

Sa "Laudato Si," sinaasabi ni Papa Fransisko ang salitang "kabuuan ng ekolohiya," at ginamit niya si San Fransisko bilang modelo. Ang salitang "kabuuan" (integral) ay mahalaga, kaya tandaan natin. Ang unang kahulugan nito ay "nakabubuti sa lahat (wholesome)," walang dungis" (blemish). Nguni't, kamakailan lamang ito ay ginamit na ang ibig sabihin ay "halos perpekto," "kabuuan" (holistic), o "komprehensibo" (comprehensive), at naiwan ang dating salitang "kabuuan" (integral) bilang batayan.

Kapag gumagamit ang Simbahang Katoliko ng salitang "ekolohiya," ang ibig sabihin nito ay hindi lamang ang ekolohiya ng kalikasan, kundi kasama ang lahat ng bahagi sa buhay ng tao, hindi inaalangin ang kahulugan na "kabuuan" (holistic), sarili, magkaisang (mutual) ugnayan sa isa't isa, ang kanilang relasyon sa Diyos, at kaya ang "ekolohiya" ay sumasakop sa lahat (all inclusive). Ang pagbasa sa Ika-apat na Kabanata ng "Laudato Si" ay magbibigay ng linaw dito. Ngayon, tingnan natin ang apat na uri ng ekolohikal na pagbabagong-loob.

3. Pagbabago ng ating ugnayan sa Diyos

Una, pag-usapan natin ang ating relasyon sa Diyos. Ito ay ang ating pagbabalik ng maayos na ugnayan sa ating Manlilikha. Paki basa ang Ikalawang Kabanata ng "Laudato Si," na may pamagat na "Ang Ebanghelyo ng Paglikha." Ginulo ng mga tao ang maayos na ugnayan nila at ng Diyos na Manlilikha, kasama ang maayos na ugnayan sa lahat na nilikha. Ito ang kasalanan ng mga tao laban sa kalikasan. Ito naman ang nagdulot ng pagsira ng utos na "pamahalaan" (have dominion) ang daigdig, na nagdulot ng maling pagtingin sa pananagutan na "Punan at supilin ang daigdig" (Genesis 1, 28) kasama ang Kanyang utos na pagyamanin at alagaan ang Halamanan ng Eden (Genesis 2, 15). Kaya, sinira ng tao ang maayos na ugnayan ng tao at kalikasan. Ang utos ng Diyos na "pamahalaan" (have dominion) ang daigdig," na ang kahulugan ay pangalagaan (preserve) ang maayos na ugnayan sa daigdig, ay pinagkamalan ng mga tao na abusuhin ang kanilang kapangyarihang sa daigdig, at ginamit ito upang mabigyan ng katwiran ang kanilang paghahari at panunupil sa ibang nilalang.

Likas lamang sa mga tao, kung titingnan nila ang ekolohiya sa Banal na Kasulatan na hindi maaaring tanggapin ang pag-iisip na makakasira o tatanggi sa turo na ang Diyos ay makapangyarihan at siyang Manlilikha. Ang tao ay walang karapatan na walang hanggang sirain ang nilikha ng Diyos. Dapat tanggapin ng tama ang pananagutan ng tao sa nilikhang inihandog sa kanya ng Diyos. Ang pagtuklas sa katotohanang ito ay ang unang hakbang sa ekolohikal na pagbabagong-loob. Sa ekolohiya, dahil ang mga nilikha ay gawa ng Diyos ang mga tao ay hindi kailanman lilihis sa batayang prinsipyo na nakasalalay sila nang lubusan sa Diyos para sa kanilang ikabubuhay, at maunawaan ng may pagpapakumbaba na ang kabanalan ay lubos na kinakailangan sa kanilang pagharap sa kalikasan at sangnilikha.

4. Pagbabago sa ating ugnayan sa kalikasan

Dahil tinatalakay ng "Laudato Si" ang suliranin sa kapaligiran na sinimulan ng tao, ang paksa ng pagbabago ng ating kaugnayan sa kalikasan ay kasama sa buong Ensikliko. Ang suliranin ay ang pagkasira at pagpapalaganap ng katiwalian ng tao sa likas na kapaligiran. Dahil sa bilis, lampas sa kakayanan nito ang makabalik sa dating kalagayan. Sa Unang Kabanata ng "Laudato Si" mababasa natin na "Tayo ay naninirahan sa iisang bahay na pinangyayarihan ng lahat ng ito," at ang nakakatakot na katotohanan ng pagkasira ng kapaligiran sa daigdig ay naipaliwanag na ng agham. Malinaw na ang pagiging makasarili, ang katigasan ng ulo (willfulness), "ang aking bansa muna," ang makabayang pakikipagkalakalan ang siyang nagdulot ng masalimuot at labis na mapinsalang sunod-sunod na pagbabago. Ang suliraning climate change, pagdumi ng tubig na inumin, ang

pagkawala ng mga uri ng hayop, ang pagpapabigat sa mga paunlad pa lamang na bansa ng hindi mabayarang utang sa mga mauunlad na bansa ay dapat pagtuunan ng pansin.

Ang pangtaong pinag-uugatan ng krisis sa ekolohiya ay siyang pinagtutuunan ng "Laudato Si" sa Ikatlong Kabanata na nagpapaliwanag si Papa ng ilang krisis sa ekolohiya, idinidiin niya na walang halaga na pag-usapan ang mga ganitong bagay hangga't ang tao ay handang umamin sa pagkakaugnay nila sa malubhang kalagayan. Itong maling paningin tungkol sa ugat ng krisis ay lumalabas sa buhay at gawain ng mga tao. Ang pinaka-pinanggagalingan nito ay ang paningin na ang agham ay nangunguna sa lahat. Sa ibang salita, ang mataas na antas ng pag-unlad ng agham, na nakamit ng tao, ay maaaring magamit sa pagpa-unlad ng ekonomiya at kultura rin. Nguni't, ang katotohanan ay ang biyaya ng paglago ng pagiging mahalaga ay hindi nangangahulugan na palaging masisira ang kaayusan ng ugnayan ng tao, lipunan, at kalikasan sa buong daigdig, na magbabanta sa pinakabuhay ng tao, at siyang dahilan ng pagtanggap sa kalagayan na nagbubunga ng kawalan ng saya.

Sinasabi sa atin ng Banal na Kasulatan, hindi lamang mga tao, kundi ang lahat ng nilikha ng Diyos, ay kapwa sangkot sa isang masalimuot na ugnayan. Kaya nga, dahil may maayos na ugnayan ang mga bagay na nilikha, ang dahilan sa bawa't isa ay hindi dapat makaligtaan. Sa puntong ito may binanggit si Papa mula sa isang libro ng mga Obispong Hapones na may pamagat na "Pinagpipitaganan sa Buong Buhay." Sabi niya, "Ang mga obispo ng Japan, sa bahagi nila, ay gumawa ng nakapupukaw-sa-isip na pagsisiyasat: 'Ang maramdamang ang bawat nilalang na umaawit ng himig ng pag-iral nito ay ang mabuhay ng masaya sa pag-ibig at pag-asa ng Diyos.'"

5. Pagbabago sa ating ugnayan sa iba

Ang lahat ng tao sa kasalukuyan, nananalig man o hindi, ay umaamin na mayroong mana para sa ating lahat dito sa daigdig, na ang mga bunga ay para sa kanilang kabutihan. Ito ang prinsipyo ng "pangkalahatan kabutihan" (common good). Kaya, sa pagtingin sa buong pagbabago mula sa panlipunang pananaw, hindi natin maiaalis ang pagbibigay halaga sa mga batayang karapatan ng mga mahihirap. May kinalaman ang mahihirap na tao sa maselang kalagayan ng daigdig, dahil ang suliranin ng paghhihirap ng tao at ang suliranin ng kapaligiran ay may iisang pinag-uugatan.

Sinabi ni Papa Juan Pablo II na "Sa pagbibigay ng daigdig sa sangkatauhan, ibinigay ito upang masuportahan (sustain) ang buhay ng bawa't isa sa atin ng walang itinatangi (exception). Hindi ginusto ng Diyos na hindi maisali ang sinuman, o kaya ay unahin ang sinuman." Nguni't lalo pang mahigpit si Papa Fransisko sa pagsasabing, "Lampas pa sa mga bagay na dapat nating ikagalit ay patuloy nating hindi napapansin ang kalagayan na naniniwala ang mga tao na sila ay mas mahalaga kaysa sa iba, hindi pagpansin sa mas malalang kawalan ng pagkakapantay-pantay sa ating kapaligiran. Sa isang banda, kahit na may mga taong lugmok sa kahirapan, na walang pag-asang maka-ahon sa ganitong kapalaran, maraming tao naman sa kabilang banda, na nangingibabaw ang pagkamataas, ang pagwawaldas ng kanilang ari-arian nang wala man lang pagsisi (remorse). Dagdag pa, hindi yata natin naiisip na kung ganito ang ginawa ng lahat, lilisanin natin ang daigdig na ito na balot ng mga basura hanggang masira na ang darating pang salinlahi.

Sa pagtanggap sa mga nakikita ni Papa, kapag tayong mga Kristiyano ay nahaharap sa mga suliranin ng kapaligiran, likas sa atin na gawin ito ng may tunay (sincere) na pagmamahal sa ating kapwa, at aminin natin na mayroon tayong mahigpit na pananagutan na harapin ang mga suliraning panglipunan ng mga mahihirap at pinagkakaitan. Kaya, lalo na upang maitaguyod ang buong ekolohiya, ang pakikiisa ng mga tao ay kinakailangan. Kasama sa pakiki-isang ito, kailangang pagtuunan ng pansin ang katarungan ng mga salinlahi, kasama ang susunod na salinlahi. Sa ganitong paraan, ang ekolohikal na

pagbabagong-loob ay pagsisikapan, hindi lamang ng bawa't isang tao, kundi sa antas ng lipunan. Sa Ika-limang Kabanata, "Panuntunan para sa Pagbabago ng Tahakin at Pangkalahatang Pangtingin sa Kilusan," iba't-ibang antas ng pakikiisa ang iniaalay, nguni't ang binibigyan ng tuon ay ang pangangailangan ng tunay na pag-uusap. Sa iba't-ibang antas ng lipunan, pangkabuhayan, pulitika, ang pag-uusap, na siyang tapat na walang itinatago at nakabatay lamang sa kunsiyensiyang may pananagutan, na magkakaroon ng tamang plano ng paghakbang.

6. Pagbabago tungo sa sarili

Sa ganitong paraan, kung ating haharapin ang mga suliranin ng kapaligiran mula sa pananaw na ang lahat ng bagay ay magkaka-ugnay, mauunawaan natin na kung walang pagbabago ang sangkatauhan, ang pagbabago sa ugnayan sa kalikasan ay hindi mangyayari, at kung walang angkop na pagpapakatao, ekolohiya at iba pa, ito ay hindi makakamit. Ang kasalukuyang krisis tungkol sa kapaligiran ay sintomas ng krisis ng pangangatwiran/kaisipan (rational), kultura at ispiritwal, at kung walang paghilom sa mga ugnayan ng sangkatauhan, anumang mababaw na solusyon sa mga ugnayan ng kalikasan at kapaligiran ay mawawalan ng saysay.

Kaugnay nito, nagsalita si Papa Benedict XVI tungkol sa "Ekolohiya ng Tao." Ang katawan ng tao ay may pagkakaugnay sa kapaligiran at sa mga hayop. Kaya, sa pagtanggap ng handog mula sa ating Ama, hindi maisip ng tao na siya ay may walang-pasubaling karapatan sa kanyang katawan, sa imbes dapat niyang tanggapin ang kanyang katawan nang maayos at pangalagaan din ito nang maayos. Nang sa gayon ay maharap ang mga suliranin ng kapaligiran, ang tao mismo ay tinatawagan sa malalimang pakikiisa (harmony) sa pamamagitan ng pagbabagong-loob (conversion). Ito ang malalimang ekolohikal na pagbabagong-loob na ipinanawagan ni Papa Fransisko. Kahit na tayo ay mataimtim na nagdarasal, hindi tayo dapat maging Kristiyanong nagpapanggap ng makatotohanan o nababagay na hustisya, dahil magiging katawa-tawa ang ating malasakit sa kapaligiran. Hindi rin dapat tayong maging konserbatibong Kristiyano na ayaw magbago ng uri ng pamumuhay. Ang mga mananampalataya (believers) ay dapat magpakumbabang umamin ng pangangailangan ng ekolohikal na pagbabagong-loob, at itaguyod ang "maka-ekolohiyang pag-aaral," sa pagsisikap na mapalalim ang "ekolohiyang kabanalan."

7. Paghahanap ng bagong uri ng pamumuhay

Sa lahat ng bagay, ang mga Kristiyano ay dapat tumugon sa tawag ni Kristo, manalig sa Bibliya, at magbalik-loob, dahil ang Kaharian ng Diyos ay nalalapit na. Ang "pagbabagong-loob" ay hindi dapat balewalain sa simpleng pagsisi sa kung anong uri ng buhay niya hanggang sa kasalukuyan. Ang panawagan ni Hesus sa atin, upang makatugon sa panawagan ng Diyos Ama, ay ang pagbabago ng ating pananaw na magtuturo sa tawag na iyon.

Ito ay katulad sa ekolohikal na pagbabagong-loob. Upang maharap ang mga suliraning pang-ekolohiya sa antas ng pananampalataya, ang Kristiyano ay dapat magmuni-muni sa iba't-ibang gawain niya sa buhay, at maghanap ng bagong uri ng pamumuhay na aayon sa kabuuang ekolohiya (integral ecology). Lalo pang kailangan na makaranas ang Kristiyano ng paglaya sa konsumerismo, upang maranasan niya ang pamumuhay na hindi nakatali, na magkaroon ng paniniwala na ang mas kaunti ay mas mainam (less is more) na siyang susi sa pag-unlad (grow) nang katamtaman lamang, ang buhay mahirap (life of poverty) na nararanasan ang maging busog ng kaunti lamang, at dahil dito, upang maibalik ang maayos na ugnayan sa nilikha, at pagsikapan na magkaroon ng mas maraming panahon para gawin ito. Maaaring kailangan na pag-isipan ang Manlilikha na nabubuhay sa ating lahat at sa loob natin. Kaya, likas tayong magdasal bago at pagkatapos kumain. Sa kongretong paraan, gamitin natin ang Ika-limang Kabanata bilang giya sa pagbabagong pananaw at sa plano ng ating gagawin.

8. Panalangin

Ang Ensikliko na "Laudato Si" ay tumatawag sa atin na harapin ang mga suliranin ng kapaligiran, at humahamon sa atin na gumawa ng mas saligang pananaliksik. Ito ay pananaliksik sa kung ano ang uri ng kapaligiran na gusto nating iwanan sa susunod na salin-lahi, ang mga batang lumalaki pa hanggang sa kasalukuyan. Ito ay pagsasaliksik na hindi lang tungkol sa suliranin ng kapaligiran, kundi tungkol sa pinakadahilan ng ating pag-iral, ang kahulugan ng ating buhay, at ang kahulugan ng mga ginagawa ng tao, ang lahat ng ito ay may malapit na ugnayan sa ating uri ng pamumuhay. Kaya, tayong mga mananampalataya, upang mapalalim ang ating pang-unawa sa kahulugan ng "ekolohikal na pagbabagong-loob," dapat nating ituon ang ating puso sa Diyos, na ating Manlilikha, kasama ng lahat ng sangnilikha, tayo'y manalangin sa tulong at kaliwanagan ng Banal na Santatlo.

Ang Papa ay nagtapos ng kanyang Ensikliko na may utos na "tayo ay manalangin para sa daigdig," at "sa panalangin ng mga Kristiyano, kasama ang mga nilikha, na iniaalay nating lahat sa Kanya." Ang masidhing pagnanais ni Papa Fransisko na matatagpuan sa Ensikliko na "Laudato Si" ay kasama sa mga panalangin na ito.

Sampung Paksa at Limang Bagay na Inuulit sa "Laudato Si"

1. Ang ugnayan sa pagitan ng mahihirap at ang kahinaan ng daigdig.	Ang suliranin ng kahirapan at ng kapaligiran ay may iisang pinag-ugatan.
2. Ang ugnayan ng mga bagay-bagay.	
3. Pag-usisa sa balangkas ng kapangyarihan ng teknolohiya.	Paglilihis ng pulitika upang sakupin ang ekonomiya.
4. Orihinal na ekonomiya? Tunay na pag-unlad.	
5. Ang katangi-tanging halaga ng bawa't isang nilalang.	Ang kinalalagyan at pananagutan ng mga tao sa kalikasan.
6. Ang ekolohiya na bagay sa pag-iral ng tao.	
7. Tapat at walang pangdarayang pag-uusap.	Pag-uusap (dialogue) na sumusuporta sa makabuluhang pagdedesisyon sa komunidad.
8. Ang bigat ng pananagutang pandaigdigang at ang lokal na istrategya.	
9. Kultura ng pag-waldas.	Pamumuhay na magbabago sa kultura.
10. Makabagong pamumuhay.	

ISANG PANALANGING KRISTYANO SA PAKIKIPAGKAISA SA SANGNILIKHA

Ama, pinupuri ka namin ng lahat ng iyong nilikha.
Nanggaling sila mula sa iyong napakamapagpalang kamay;
silang lahat ay sa iyo, na puno ng iyong presensya at malambing na pagmamahal.
Purihin ka!

Anak ng Diyos, Hesus,
sa pamamagitan mo'y nalikha ang lahat ng bagay
Ikaw na nabuo sa sinapupunan ni Maria, ang aming Ina,
naging bahagi ka ng daigdig na ito,
at tumitig ka sa mundong ito ng mga mata ng tao.
Ngayon ay buhay na buhay ka sa bawat nilalang
sa iyong papailanlang na kaluwalhatian.
Purihin ka!

Banal na Espiritu, sa iyong kaliwanagan
ginagabayan mo ang mundong ito patungo sa pag-ibig ng Ama
at sinasamahan ang mga nilalang sa paghihinagpis nito sa kahirapan.
Nananahan ka sa aming mga puso
at binibigyang-sigla mo kaming gawin ang nararapat.
Purihin ka!

Poong may tatlong pagkakaisa, nakamamanghang pamayanang may walang hanggang
pag-ibig
turuan mo po kaming pagnilayan ka
sa kariktan ng sanlibutan,
pagkat pinag-uusapan ka ng lahat ng bagay.
Pinukaw ang aming pagpuri't pasasalamat
para sa bawat nilalang na iyong nilikha.
Bigyan mo po kami ng biyaya upang madamang malalim
kaming kasama ng lahatng bagay.

Diyos ng pag-ibig, ipakita mo sa amin ang aming tungkulin sa mundo
bilang daluyan ng iyong pagmamahal
para sa lahat ng mga nilalang sa daigdig na ito,
upang ni isa man ay hindi makaligtaan sa iyong paningin.
Tanglawan nyo po yaong nagtataglay ng kapangyarihan at salapi
upang maiwasan nila ang kasalanan ng pagwawalang-bahala,
upang kanilang ibigin ang pangkalahatang kagalingan, paunlarin ang mahihina,
at pag-ingatan ang mundong tinitirahan natin.
Nananaghoy ang mga dukha at ang daigdig.
O, Panginoon, sakupin mo kami ng iyong kapangyarihan at liwanag,
tulungan mo po kaming ipagsanggalang ang lahat ng buhay,
upang makapaghanda sa isang mas magandang hinaharap,
para sa pagdating ng iyong Kaharian
ng katarungan, kapayapaan, pag-ibig at kariktan.
Purihin ka!
Amen.